

MGA TAGUBILIN PARA SA APPLICATION FORM PARA SA PAMPINANSYAL NA TULONG



Ito ay isang aplikasyon para sa pampinansyal na tulong sa MultiCare Health System.

Ang Estado ng Washington ay nag-aatas sa lahat ng mga ospital na magbigay ng pampinansyal na tulong sa mga tao at pamilyang tumutugon sa ilang mga pangangailangan sa kita. Maaari kang maging kwalipikado para sa libreng pangangalaga o pangangalaga sa pinababang halaga batay sa laki ng iyong pamilya at kita, kahit na ikaw ay may health insurance. Ang MultiCare ay gumagamit ng mga Pederal na Gabay sa Kahirapan na tumutulong na malaman kung anong Programa sa Pampinansyal na Tulong ang pinakamahusay na naaangkop sa iyong mga pangangailangan. Pagkatapos makumpleto ang pampinansyal na assessment ng kita ng pasyente, ang bill ng pasyente ay mababawasan ng 100 porsyento kung ang antas ng kanilang kita ay nasa o mas mababa sa 300 porsyento ng mga Pederal na Gabay sa Kahirapan. Kung ang antas ng kita ng pasyente ay nasa pagitan ng 301 porsyento hanggang 500 porsyento ng mga Pederal na Gabay sa Kahirapan, ang bill ng pasyente ay mababawasan alinsunod sa sliding scale sa ibaba.

Antas ng Kahirapan, Hanggang				
Sa				
300%	350%	400%	450%	500%
Diskwentong Charity, %				
100%	95%	90%	80%	70%
Responsibilidad ng Pasyente, %				
0%	5%	10%	20%	30%

Ano ang saklaw ng pampinansyal na tulong? Sinasaklaw ng pampinansyal na tulong ng ospital ang mga naaangkop na serbisyong nakabase sa ospital na ipinagkakaloob ng MultiCare Health System depende sa iyong elihibilidad. Maaaring hindi maging saklaw ng pampinansyal na tulong ang lahat ng mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga serbisyong ipinagkakaloob ng ibang mga organisasyon.

Kung ikaw ay may mga katanungan o nangangailangan ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyong ito: Bisitahin ang multicare.org/financial-assistance/ upang makita ang mga Madalas na Itanong (FAQ) o maaari kang tumawag sa:

- MultiCare Puget Sound Region 253.876.8550
- MultiCare Inland Northwest Region 509.473.4769
- MultiCare Rockwood Clinics 509.342.3600

Maaari kang makakuha ng tulong para sa anumang kadahilanan, kabilang ang tulong sa kapansanan at wika.

Upang maproseso ang iyong aplikasyon, ikaw ay dapat na:

- Magbigay sa amin ng impormasyon tungkol sa iyong pamilya— Punan ng bilang ng mga miyembro ng pamilya sa iyong sambayanan (kabilang sa pamilya ang mga taong may kaugnayan ayon sa kapanganakan, kasal, o pag-ampon na magkakasama sa iisang bubong)
- Magbigay sa amin ng impormasyon tungkol sa kabuuang buwanang kita ng iyong pamilya (kita bago ikaltas ang mga buwis at iba pang mga pagkakaltas)
- Magbigay ng dokumentasyon para sa kita ng pamilya
- Ilakip ang karagdagang impormasyon kung kailangan
- Pirmahan at petsahan ang form

Tandaan: Hindi mo kailangang ibigay ang numero ng Social Security upang mag-apply para sa pampinansyal na tulong. Kung ibibigay mo sa amin ang numero ng iyong Social Security, ito ay makakatulong na mapabilis ang pagpoproseso ng iyong aplikasyon. Ang mga numero ng Social Security ay ginagamit upang maberipika ang impormasyong ibinigay sa amin. Kung wala kang numero ng Social Security, mangyaring markahan ng "hindi naaangkop" o "NA."

Upang isumite ang iyong kinumpletong aplikasyon kasama ang lahat ng dokumentasyon:

- Fax 253.864.4017;
- Koreo MultiCare Health System, Business Support Center
PO BOX 5299 • M/S 1002-1-PFN • TACOMA, WA 98415-0299; o
- Sa Personal Ibalik ito sa alinman sa aming mga departamento ng Pagtanggap/Pagpaparehistro na matatagpuan sa MultiCare Tacoma General Hospital, MultiCare Allenmore Hospital, MultiCare Good Samaritan Hospital at MultiCare Auburn Medical Center, MultiCare Deaconess Hospital, at Valley Hospital sa pagitan ng mga oras ng ika-8 ng umaga at ika-5 ng hapon,
Lunes hanggang Biyernes.

Aabisuhan ka namin ng huling pagpapasya ng elihibilidad at mga karapatan sa pag-apela, kung naaangkop, sa loob ng 14 na araw ng kalendaryo ng pagtanggap ng kumpletong aplikasyon para sa pampinansyal na tulong, kabilang ang dokumentasyon ng kita.

Sa pamamagitan ng pagsumite ng aplikasyon para sa pampinansyal na tulong, ikaw ay nagbibigay sa amin ng pahintulot na gumawa ng mga kinakailangang pagsisiyasat upang makumpirma ang mga pampinansyal na obligasyon at impormasyon.

Nais naming tumulong. Mangyaring agad na isumite
ang iyong aplikasyon!